

# CALIFORNIA PACIFIC MEDICAL CENTER

## BALITA TUNGKOL SA COVID-19 BARGAINING

### IKA-31 NG MARSO, 2020

#### LINGGUHANG TAWAG

Itinatag namin ang linggo-linggong tawag sa employer para pag-usapan ang mga bagay ukol sa COVID at iba pang mga bagay ukol sa workflow na lumilitaw. Noong mga kamakailang tawag, napasang-ayon namin ang CPMC na:

- Magbigay ng mga mask at iba pang mga PPE para sa lahat ng mga manggagawa, hindi lamang mga RNs
- Magtatag ng float pool para sa mga NUHW empleyado na apektado ng mga temporaryang pagsara ng mga departamento
- Bigyan ng karagdagang 80 oras na benepisyo ang mga manggagawa para magamit sa mga pag-absent dahil sa COVID-19
- Maging aktibo sa pakikipag-ugnayan sa mga empleyado tungkol sa posibleng pag-expose sa COVID-19

#### ESL

Sumang-ayon ang CPMC sa aming proposal na tanggalin ang ESL waiting period para sa mga empleyado na maaaring makakamit ng Workers' Compensation o State Disability.

#### LABOR POOL

Kahit na ang kasalukuyang mababa ang census pool dahil sa pag-kanselado ng CPMC ng mga elective surgery at iba pang mga maaaring i-atras na procedure, may tunay na pag-aaasa na ang census ay lubhang tataas sa mga sumusunod na linggo. Samantala, tinimbrehan namin ang management tungkol sa mga problemang nakita natin sa Labor Pool at hiningan namin sila ng siya mismong pagpapalakad nito sa kasulatan upang makita na ito ay naisasatupad ng sapat at wasto.

#### PAMAMAHAY

minungkahi namin sa CPMC na kumausap sa mga malapit na university upang hilingin na italaga nila ang mga bakanteng pamamahay pang-estudyante para magamit ng mga healthcare worker na ayaw umuwi upang maiwasang mahawa ang kanilang mga kamag-anak, o mga manggagawang may mahabang paglalakbay na binibigyan ng maiksi lamang na pahinga sa gitna ng kanilang mga shift. Pumayag silang ituloy ang pakikipag-usap tungkol dito.

#### LINEN

Hiningan namin ang CPMC ng isang posisyon sa linen sa Van Ness campus, katumbas ng standard sa ibang mga campus.

#### MGA SAGOT NA NAKASULAT

Idiniin namin na kailangang nakasulat ang sagot ng management sa aming mga nalalabing mga tanong, kasama ang pagbibigay ng karagdagang impormasyon kung papaano makukuha ng mga manggagawa ang 80 oras na karagdagang benepisyo.

***Oras na makuha namin ang kasulatang sagot at impormasyon nila, ipapahayag namin ang lahat ng update sa mga miyembro ng NUHW. Kung mayroon kayong mga alalahanin ukol sa COVID-19, pakikausap sa inyong steward o representatibo ng unyon upang mabanggit nila ito sa aming lingguhang tawag.***

#### TINUTULOY SA LIKOD

**NUHW** NATIONAL UNION OF  
HEALTHCARE WORKERS

## **ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN!**

- Kapag sumipot kayo para magtrabaho, kasama ang pagsipot bilang parte ng labor pool, karapatan ninyo ang inyong buong shift o sahod
- Ang Sutter ay kailangang sundin ang seniority pagdating sa pagbigay ng assignment at floating
- Kung kayo ay na-furlough dahil sa posibleng exposure sa COVID-19, kailangang bayaran kayo ng ospital para sa mga araw na naka-schedule na kayong magtrabaho habang kayo ay naka-furlough.
- Inaasahan naming sasabihan ng management ang mga empleyadong na expose o posibleng na-expose sa COVID-19.

## **BAGONG NUHW COVID-19 WEBSITE**

Pangunahing priyoridad ng NUHW ang ipagtanggol ang kalusugan at kaligtasan ng aming mg miyembro upang maalagaan nila ang mga pasyente at pamilya.

Alamin ang pinakabagong balita sa ating aksyon ukol sa COVID-19 at tingnan ang mga magagamit na resource sa bagong COVID-19 webpage:

**[NUHW.org/COVID-19](https://nuhw.org/COVID-19)**

**NUHW**